Nobyembre 2011 NOT FOR SALE

# VALENZUELA Ngayon

Taon 7 Blg 1 VALENZUELA, MAY DISIPLINA!

390th YEAR NOVEMBER 7, 2011 VALENZUELA CITY • FOUNDATION DAY (1621 - 2011) •

Patuloy na kaunlaran at marangal na pamunuan ang alay at kontribusyon para sa minimithing kasaganaan ng ating bansa.

# BEST IN GOVERNANCE



Masayang ipinapakita ng kindergarten student na ito ng Lawang Bato Elementary School ang marka sa kanyang pag-aaral.

**Kinilala ang Valenzuela City Government ng Department of the Interior and Local Government (DILG) bilang pinakamahusay sa pamamahala sa hanay ng lahat ng higit sa 30 highly urbanized cities sa buong bansa.**

Sa pinakahuling ulat nitong 2010 Local Governance Performance Management System (LGPMS), lumalabas na sa mataas na iskor nitong 4.9150, naungusan pa ng lungsod ang iba pang mas malalaki at mas kilalang local government unit (LGU) sa kalidad ng pamamalakad nito.

Sa isang statement ni DILG Sec. Jesse Robredo, binubuo ng mga kinatawan mula sa national at LGUs ang isang panel na siyang sumuri sa kapasidad ng bawat lungsod. Singko ang pinakamataas na markang makukuha ng isang pamahalaang lokal habang itutuos ng mga non-government organizations at civil society groups ang resulta para tiyaking patas at walang kinikilingan ang report.

Base sa iskor na natamo ng Valenzuela City, mahusay nitong napapatakbo ang apat sa mahahalagang aspeto ng pamamahala at pagbibigay serbisyo publiko gaya ng administration, social services, economic development at environmental management.

sundan sa Pahina 2

#1

| PERFECT SCORE SA PAGBIBIGAY SERBISYO | SCORE |
|---|---|
| I . Administrative Governance | |
| Local Legislation | 4.75 |
| Development Planning | 5.00 |
| Revenue Generation | 4.19 |
| Resource Allocation and Generation | 4.42 |
| Customer Service, Civil Application | 5.00 |
| Human Resource Management and Development | 5.00 |
| II. Economic Governance | |
| Entrepreneurship, Business and Industry Promotion | 5.00 |
| III. Social Governance | |
| Health Service | 5.00 |
| Education Services | 5.00 |
| Housing and Basic Utilities | 5.00 |
| Peace, Security and Disaster Risk Management | 5.00 |
| IV. Valuing Fundamental of Governance | |
| Participation | 5.00 |
| Transparency | 5.00 |
| Financial Accountability | 4.92 |
| V. Environmental Governance | |
| Fresh water, Econosystems Management | 5.00 |
| Urban Econosystem Management | 4.75 |

*Source: DILG*

## National Achievement Test

# Grade 6 students, Very Good!



Lawang Bato Elementary School gamit ang kanilang work textbook.

**MAGANDA ANG KINALABASAN NG NATIONAL ACHIEVEMENT TEST (NAT)** para sa mga mag-aaral sa elementarya ng Valenzuela City na kumuha nito noong Marso. Ayon sa ulat ng Department of Education-Valenzuela City kamakailan, umakyat sa 68.40% ang average score ng mga grade six students mula lamang sa 60% noong 2007.

Dagdag pa ni Dr. Flordeliza Mayari, DepEd Division Superintendent, ito na rin ang pinakamataas na score para sa buong Metro Manila.

Labis na ikinatuwa naman ito ng mga guro at mga magulang na nagbubunga ng maganda ang kanilang mga sakripisyo para sa mga mag-aaral.

sundan sa Pahina 2

# Oras ng mga bata sa internet shops nilimitahan



Iprinisinta ni City Police Chief Wilben Mayor kay Mayor WIN ang mga kinumpiskang computer sets mula sa mga ipinasarang internet shops.

**PINAALALAHANAN NG MGA AWTORIDAD** ang publiko hinggil sa mahigpit na pagpapatupad ng Sangguniang Panlungsod Ordinance No. 13, Series of 2011, o mas kilala sa tawag na "*The Internet Ordinance of Valenzuela City.*"

Sa isinagawang malawakang information campaign sa lungsod, idiniin ang mga probisyon ng ordinansang nagbabawal sa mga internet café, computer rental at gaming shop na tumanggap ng mga kostumer na 17 taong gulang at pababa mula 6:00 am hanggang 4:00 pm at lampas ng 9:30 pm, mula Lunes hanggang Biyernes.

Ayon sa mga kinauukulan, sapat na ang nalalabing limang oras para makapag-research ang mga bata sa pagitan ng 4:00 pm at 9:30 pm. Daan din anila ito upang maging focused ang mga mag-aaral sa pag-access sa internet at hindi masayang ang kanilang oras sa paglalaro ng online games at pagsu-surf sa mga website na walang kinalaman sa kanilang aralin.

Alinsunod din sa Section 5 ng nasabing ordinansa, nililimitahan ng hanggang 1:00 am ang operasyon ng mga computer shops.

Sumbong kasi ng mga magulang na nahuhumaling ang kanilang mga anak na tumambay sa mga computer shop na bukas buong magdamag.

Sa tala ng Business Compliance Task Force (BCTF) ng lungsod, umaabot na sa 14 shops ang naipasara at 97 na mga first time offenders ang nasita mula ng maging ganap na batas ito. May karampatang multa na P5,000 at/o pagpapasara ng establisyemento at pagkakansela ng permit nito ang mahuhuling lalabag sa ordinansa na isinapasa ng mga Konsehal na sina Cecil Mayo, Marlon Alejandrino, Lorie Natividad-Borja at Ritchie Cuadra.

Hinihikayat ng BCTF na i-report sa kanila ang mga lumalabag dito sa numerong 352-1000 locals 1801-1802 o 292-1072.

# Pwersang pulis at bumbero pinalakas



**TO SERVE AND TO PROTECT.** *Handang maglingkod ang kapulisan sa inyo. Para sa inyong mga report o iba pang pangangailangan, tawagan ang City Police Station sa numero 352 4000 , ganun din ang City Fire Department : 292 5705 o 292 3519.*

**BUMILI ANG PAMAHALAANG LUNGSOD** ng siyam na firetrucks na nagkakahalaga ng may P16.4 milyon ngayong taon upang higit na mapagbuti ang serbisyo publiko ng mga pamatay-sunog.

Tinanggap nina Bureau of Fire Protection (BFP) –NCR Director F/CSupt Santiago Laguna at City Fire Marshall F/Supt Mel Jose Lagan ang mga *fire truck* sa panga-ngalaga ng BFP-Valenzuela City.

Ayon kay Mayor Sherwin T. Gatchalian na siya ring namumuno ng Local Disaster Risk Reduction and Management Council (LDRRMC), "isa itong konkretong katibayan ng buo at walang patid na suporta ng mga lokal na kinauukulan sa mga bumbero ng lungsod." Dagdag pa niya, daan ito upang palakasin pa ang kapabilidad ng lokal na pamatay sunog bilang bahagi ng *Disaster Preparedness and Response Management Program* ng lungsod.

Nakatakda pang bumili ang lokal na pamahalaan ng isa pang firetruck sa loob ng taong ito. Siniguro din ni Mayor WIN ang tulong sa BFP-VC na makakuha ng mga lugar upang pagtayuan ng bagong *fire sub-stations*, partikular na ang mga barangay ng Punturin, Bignay at Lawang Bato upang mas mabilis na makaresponde ang mga bumbero sa oras ng pangangailangan.

Samantala, hindi rin pinabayaan ng pamahalaang lokal ang kapulisan na pinagkalooban naman ng mga bagong gamit na nagkakahalaga ng P21,749,495. Kabilang dito ang 47 firearm units ng Caliber 5.56mm rifles, 45 units ng caliber 40 at limang bagong Isuzu Crosswind na pampatrulya.

Sa ilalim ng bagong hirang na hepe ng lungsod na si P/Supt Wilben Mayor, pinagsusumikapan din ngayon ng Valenzuela City Police Station na ituloy ang "3S" o ang Customer Service Delivery na ipinatutupad sa mga opisina ng gobyerno ng lungsod upang maisaayos ang serbisyo sa pamayanan.

"Kung itataas natin ang kanilang dignidad ay muling manunumbalik ang respetong nararapat sa kanila, makakaasa tayong maayos nilang isasagawa ang kanilang mga responsibilidad," saad ng alkalde.



*Bumili ang Valenzuela City Government ng siyam na bagong firetrucks para palakasin ang kapasidad nito sa mga panahon ng sakuna.*

## National Achievement Test mula sa Pahina 1

Ang NAT iy isinasagawa ng DepEd sa buong bansa simula noong 1997 na naglalayong sukatin ang kaalaman ng mga graduating elementary students sa mga asignaturang English, Mathematics, Science, Filipino at Heograpiya, Kultura at Sibika (HKS).

Ayon kay City Mayor Sherwin T. Gatchalian, pinuno ng Local School Board (LSB), ito ay isang magandang idinudulot ng pagkakaroon ng mahuhusay na mga public school teachers na sumasailalim ng regular sa iba't-ibang pagsasanay sa pamamagitan ng *WIN ang Edukasyon* program.

Ang programa ay pinasimulan ng pamahalaang lokal, sa pakikipagtulungan ng Synergeia Foundation, upang kumprehensibong mapagbuti ang pamamalakad sa sektor ng edukasyon at malinang ang kakayanan ng mga guro maging ang kaalaman ng mga magulang.

Pinagkakalooban din ng naturang programa ang lahat ng public elementary school students ng libreng English at Math worktext na espesyal na ginawa para sa kanila sa tulong ng DepEd-Valenzuela. Aniya, ang sagutang-aklat ay isang paraan upang matutukan ang lesson comprehension ng mga mag-aaral.

Iniugnay din ang NAT result sa pagkakaroon ng mas maayos na pasilidad para sa pag-aaral. Sa ngayon, may average na 48 elementary students at 54 para sa hayskul naman ang gumagamit kada klasrum. Higit itong mas kumportable sa average na 85 estudyante kada klasrum sa buong NCR.

## Good Governance mula sa Pahina 1

Nabigyang diin ang social services ng lungsod matapos itong bukod tanging makakuha ng perfect score sa buong National Capital Region para sa lahat ng aspeto ng social services gaya ng kalusugan, edukasyon, housing at basic utilities, peace, security at disaster risk management.

Perfect score din ang economic governance nito dahil sa maayos na mga programang humuhikayat ng negosyo at namumuhunan.


"I laud Valenzuela City officials for their commitment to elevating and maintaining the highest standards of public service delivery. I hope that the emulative responsible governance its officials achieve will serve as shining example to inspire others to strive better in the performance of their duties," saad ni Robredo.

Samantala, binati naman ni Mayor Sherwin T. Gatchalian ang mga empleyado at management team ng City Hall at hinimok niyang ipagpatuloy ang magagandang gawain. "In this way, we play our part in the advancement of economic prosperity and of the social well-being of the Filipino people as a whole," saad din niya.

Ang LGPMS ay isang web-based assessment tool ng ahensya upang masukat ang kapasidad ng LGUs sa paglilingkod nito sa mamamayan. Tulong din ito sa pagbibigay kaalaman sa national policy-makers upang maging tugma ang mga plataporma nito sa pangangailangan ng mas nakararami.

Sumunod sa Valenzuela City, narito ang iba pang nasa Top 10: San Juan, 4.8875; Puerto Princesa, 4.8640; Angeles, 4.7410; Davao, 4.7380; Naga, 4.6940; Zamboanga, 4.6865; Iligan, 4.6710; Cebu, 4.6633 at Taguig, 4.6415.

# P225M para sa mga bagong klasrum




*Ang bagong kampus ng Dalandanan National High School-Bagbaguin annex na may kabuuang 10 kuwarto.*

**MAS KUMPORTABLE NGAYON** ang mga mag-aaral sa mga public school sa lungsod matapos makumpleto ng pamahalaang lokal ang 50 bagong silid-aralan.

Sa ulat ng City Engineering Office, umabot ng P77,513,006.97 ang pondong ginugol ng Local School Board (LSB) para matapos ang mga proyektong ito.

Ayon kay Arch. Benjamin Gamaro ng City Engineering Office, kabilang sa mga natapos ang mga sumusunod: ang bagong kampus na Dalandanan National High School-Bagbaguin Annex na may walong klasrum at dalawang silid-tanggapan; Bignay Elementary School - anim na klasrum; Canumay East National High School - 4; Polo National High School - 16; Punturin National High School - 8; at Rincon Elementary School - 6.

Ayon pa kay Gamaro, may 49 pang silid-aralan ang malapit ng matapos at ang mga ito ay iti-*turn-over* sa mga sumusunod na paaralan: A. Deato Elementary School - 12 silid; Coloong Elementary School - 7; Malanday Elementary School – 12; at Pio Valenzuela Elementary School - 18. Ang mga nabanggit na proyekto ay may kabuuang halagang P61,778,582.02 na pinondohan din sa pamamagitan ng LSB.

Samantala, sinisimulan na din ng pamahalaang lungsod ang konstruksyon ng dagdag pang 50 silid-aralan na nagkakahalaga ng P85,263,795.38. Kasama na dito ang Valenzuela City Polytechnic College (Valpoly) na halos dodoblehin ang laki mula sa 22 silid-aralan lamang nito. Labing-anim na klasrum ang itinatayo sa kampus nito na nasa Brgy. Parada. Ang Valpoly ay isang institusyong minamando ng lungsod na may mga kursong bokasyunal para sa 1,600 mga mag-aaral nito. Kasama din ang Dalandanan National High School para sa karagdagang 24 na silid-aralan na may pondong P39M; Lawang Bato National High School para sa anim na silid at Lawang Bato Elementary School para sa apat na silid.

"Bawat silid-aralan na mayayari ay sinigurong maaliwalas, may maayos na plano at sumusunod sa standard size na 9x7 metro upang mas kumbinyente ito sa pag-aaral," wika ni Preceli Nelson, OIC ng City Engineering Office.

# Dagdag kalinga para kina lolo at lola



**HAPLOS.** *Binisita ng physical therapist at nars ng City Health Department ang pasyenteng ito ng Dalaw ni Dok Program.*

**HIGIT NGAYONG PINAGTUTUUNAN** ng kalinga ang mga nakatatandang residente ng lungsod matapos palakasin pa ang mga programa para sa kanila.

Una na rito ang pagsasakatuparan programang *local socialized pension* para sa mga indigent senior citizens sa pamamagitan ng paglalabas ng inisyal na pondo para sa unang batch ng 49 na mga aprubadong benepisyaryo.

Ayon kay City Social Welfare and Development Office (CSWDO) Officer-in-Charge na si Dorothy Evangelista, ang bawat isa rito ay tumatanggap ng P1,500 kada ikatlong buwan sa loob ng dalawang taon.

Ito ay sa pakikipagtulungan ng City Office of the Senior Citizens Affairs (OSCA) at ng Department of Social Welfare and Development-NCR upang maging isang hakbang sa paglaban sa kahirapan.

Sinabi ni DSWD-NCR representative Angelica Osea, "ang P500 buwanang pensiyon na ibinibigay ayon sa Republic Act No. 9994 o ang *Expanded Senior Citizens Act of 2010*, ay dagdag suporta para sa pa-ngangailangan ng mga nakatatanda."

Ayon sa naturang batas, ang mga mahihirap na nakatatanda na mahihina, may sakit, disabled, hindi tumatanggap ng anumang pensiyon, walang permanenteng pinagkukunan ng kita, o regular na suporta mula sa pamilya o kamag-anak ay saklaw ng programa. Ipinaliliwanag din ng probisyong ito ang prayoridad ng programa sa mga 77 taong gulang at higit pa na kinikilala ng CSWDO sa pamamagitan ng *National Household Targeting System for Poverty Reduction*.

Dagdag pa rito, pinaglaanan din ng lokal na pamahalaan ang kanilang sektor ng may P7 milyon para sa libreng suplay ng gamot sa loob ng isang taon. Halos 2,000 mga mahihirap na senior citizens sa buong Valenzuela City ang nakatatanggap ng gamot para sa kani-kanilang mga sakit o karamdaman gaya ng *diabetes, hypertension* at *arthritis* dalawang beses sa isang buwan, gamit ang isang passbook.

"Kailangang nasa 60 taon gulang pataas, may *indigency* at *medical certificates, prescriptions* at dalawang pirasong 1x1 ID photo ang isang senior citizen upang maproseso namin ang kahilingan nilang makasama sa programang ito," sabi ni Ms. Evangelista.

Samantala, ang *Dalaw ni Dok kay Lolo at Lola Program* ay pinalawig pa ng pamahalaang lungsod matapos ang naging mainit na pagtanggap dito ng publiko. Bukod kasi sa regular na medical check ups, meron na ring libreng *physical therapy sessions* at *dental check-ups* para sa kanila.

Ayon sa huling datos, umaabot na sa 366 indigent senior citizens ang napagsisilbihan ng Dalaw ni Dok program mula ng inilunsad ito ng nakaraang taon.

# Valenzuela-Obando-Meycauayan flood control project buhayin

**NAKIUSAP SI CITY MAYOR SHERWIN T. GATCHALIAN** sa gobyerno na muling buhayin ang pagpapagawa ng Valenzuela-Obando-Meycauayan (VOM) Flood Control Project upang tugunan ang sitwasyon ng pagbaha sa ilang bahagi ng lungsod at mga karatig nitong bayan.

Ito ang mariing inihain ng alkalde sa isang forum kasama ang mga mamamahayag sa Sofitel Philippine Plaza sa Pasay City at sinabing kung wala ang VOM ay hindi lubos na masusolusyunan ng mga flood control projects ng lungsod gaya ng mga pumping stations at flood gates ang suliranin.

Sinabi niya na "kung maipatutupad namin ang mga sariling proyekto laban sa baha, ilalabas lang namin ang tubig sa mga kalapit na lugar, sila naman ang kawawa. Hindi naman iyon tama, kaya kailangan ng *multi-city approach* sa pagtugon sa problema sa baha at iyon ang proyektong VOM."

Ang VOM ay phase two ng isang malaking proyekto na pinondohan ng Japan International Cooperation Agency (JICA). Ito ang CAMANAVA Mega Flood Control Project na hindi pa rin siyento porsyentong tapos dahil sa natitira pang 1.7km na dike sa Dampalit, Malabon City. Samantala, nilinaw ni Mayor WIN na hindi kasama ang Valenzuela City sa nabanggit na proyektong nagkakahalaga ng mahigit P4 bilyon.

Naudlot ang phase two ng proyekto, sa kabilang banda, dahil sa kakulangan ng pondo at ang muling pagpapatuloy nito ay hindi pinaboran ng ilang awtoridad dahil sa nakitang resulta sa phase one.

Naniniwala naman ang alkalde na ang VOM ay kinakailangang gawin, ngunit isang masusing pag-aaral sa disenyo nito ang kailangan ring isagawa batay sa kinahinatnan ng phase one. Nasa 15 porsiyento ng Valenzuela City, partikular ang mga nasa mababang lugar sa unang distrito, ang laging binabaha lalo na kung malakas ang ulan.

Isang eksperto pa mula sa Department of Public Works and Highways (DPWH) ang nagsabi na ang 21 square kilometers na bahagi ng VOM ay patuloy na magkararanas ng hanggang tuhod o hanggang dibdib na pagbaha sa tuwing nagpapasalit-salit ang high tide at malalakas na ulan hangga't di natatapos ang mga nasabing flood control facility.

# Sweldo ko, baon ko

**UPANG MAIPAGPATULOY ANG PAG-AARAL** ng ilan sa mga kapuspalad at maiwasan ang pag-*drop out* sanhi ng kahirapan, inilunsad ang *Government Internship Program* (GIP) na naglalayong bigyan ng pagkakataong kumita ang mga nabanggit na estudyante at matustusan ang kanilang pangangailangan sa paaralan.

Tinatayang nasa 110 kabataan may edad 17 hanggang 24 taong gulang ang naunang nabiyayaan ng GIP na pinangungunahan ng City Social Welfare and Development Office (CSWDO), Public Employment Services Office (PESO) at ng Pagasa Youth Association of the Philippines (PYAP)- Valenzuela City Chapter.

Dahil sa GIP, nagawa nilang muling makapag-enrol sa kanilang napiling kurso at maipagpatuloy ang pangarap na makatapagtapos. Bilang mga benepisyaryo, magtatrabaho sila sa mga piling ahensya o tanggapan ng pamahalaang lungsod gaya ng mga day care at health centers sa loob ng isang buwan kada semestre hanggang sa sila'y makapagtapos. Makatatanggap sila ng sahod na P303 kada araw o may kabuuang P4,500.

Sinabi ni CSWDO Officer-in-Charge Dorothy Evangelista na dinisenyo ang programa para palakasin ang kakayanan nilang tulungan ang kanilang sarili na makaangat sa buhay. Karamihan sa mga benepisyaryo ay mga mag-aaral na madalas na nahihinto sa kanilang pag-aaral dahil sa problemang pinansyal.

Sakop ng programa ang mga mahihirap na kabataan sa lungsod na ang kabuuang kita ng pamilya ay nasa P20,000 lamang kada taon. Subalit, sabi ni program coordinator Cecille Sebastian, kinakailangang tapos na sila ng high school upang matanggap sa GIP.

Ang pamahalaang lungsod ay naglaan ng P1.5 million para sa programa, na may karagdagang P500,000 pondo mula sa tanggapan ni District I Councilor Antonio Espiritu.

# Samu't sari

## Patok sa mga tsikiting si 'Khalim'

**SA BAGONG PAGTATANGHAL NG VALENZUELA** City Center for the Performing Arts (VCCPA), tiyak na kagigiliwan ng mga bata at maging ng mga nakatatanda, ang "Ang Kinang ni Kahlim."

Bahagi ng pagdiriwang ng ika-142 anibersaryo ng kapanganakan ni Dr. Pio Valenzuela ang matagumpay na premiere show nito sa Valenzuela City Auditorium, at ito ay natunghayan ng libre ng mga bata mula sa iba't-ibang day care centers ng lungsod.

Ang produksyon ay isang paawit na kwento na nagtatampok ng mga batang nagsalaysay ng istorya ni Kahlim, isa sa mga anghel na ipinadala ng Diyos upang kulayan ang mundo noong panahong wala pa itong kakulay-kulay. Dahil sa taglay na kulay na itim, napaniwala siya ng kanyang mga kasamahan na wala siyang silbi. Sa huli, naunawaan ng lahat na kailangan nila si Kahlim upang magbigay ng tingkad sa ibang kulay.

Ayon kay Dr. Nedeña Torralba, VCCPA officer-in-charge, bagaman high-tech at makulay ang produksyon, layon nito na mag-ambag ng magagandang katangian at aral sa murang kaisipan ng mga bata. Bida rito ang mga batang may edad anim hanggang 16 na nadiskubre sa open auditions at sa ginanap na culture and arts workshop ng nagdaang summer.

Sabi pa ni VCCPA artistic director Roeder Camañag, ang produksyon ay hango sa orihinal na kwento nina Ivan Cadiente at Lorraine Genevie Cerdan, na ginawan ng libretto ni Jose Jeffrey Camañag at musika ni maestro Jesse Lucas. "Ang lahat ng ito ay gawa na rin ng tulong mula sa National Commission for Culture and Arts (NCCA) at pamahalaang lungsod ng Valenzuela," dagdag pa niya.

Para sa iba pang detalye, maaaring tumawag sa VCCPA Secretariat sa numerong 277-6100 at hanapin si Josie o Mike.

## Mga nagbebenta ng yosi sa mga bata binalaan

**DISIDIDO ANG PAMAHALAANG LUNGSOD** na makontrol at mailagay sa lugar ang pagbebenta at paggamit ng sigarilyo sa Valenzuela City.

Kinabitan ng mga poster kung saan nakasaad na bawal ang pagbebenta ng mga produktong *tobacco* sa mga menor-de-edad ang mahigit sa 3,000 establisyimento, bilang bahagi ng malawakang information campaign na sinimulan ng City Legal Office, City Public Information Office (PIO) at ng Business Permits and Licensing Office (BPLO).

Bunsod ito sa aksyon na rin ng Metro Manila Development Authority (MMDA) at mariing panawagan ng mga nasa sektor ng kalusugan na mahigpit na ipatupad ang Republic Act 9211 o ang *"Tobacco Regulation Act of 2003."* Layon ng naturang batas na makontrol ang pagbabalot, paggamit, pagbebenta, distribusyon at pagpapatalastas ng mga produktong ito.

Binigyang linaw din ni City Mayor Sherwin T. Gatchalian na ang lokal na pamahalaan ay "hindi nangungunsinti sa mga lumalabag sa batas" at "huhulihin ang mga sumusuway dito o 'di kaya'y magmumulta kung kinakailangan."

Ang R.A. 9211 ay naisabatas noong 2003 na isa sa mga pangunahing layunin nito ay "maprotektahan ang mga kabataan na malulong sa paninigarilyo sa pamamagitan ng pagbabawal na magbenta ng sigarilyo sa mga menor-de-edad."

"Ang paninigarilyo ay karaniwang nagsimula sa kanilang murang edad. Upang pigilan silang dumami sa hinaharap, kailangan nating kumilos,." paliwanag ni Mayor WIN.

# Eksklusibong breastfeeding para kay baby



**PINAYUHAN NG MGA KINAUUKULAN** ang mga ina sa Valenzuela City na pinakamainam pa rin ang pagpapasuso sa kanilang mga supling bilang pinakamabisang paraan para masiguro ang kalusugan ng mga ito.


Sa katatapos na Nutrition Month, nakasentro ang pagdiriwang sa kabutihang dala ng *breastfeeding*. Nagdaos ang City Health Department sa tulong ng Department of Health (DOH), National Nutrition Council (NNC) at SM Center Valenzuela ng mga programang dinaluhan ng mga ina upang bigyan sila ng gabay ukol sa kahalagahan nito.

Ayon sa mga espesyalista, kailangan ang dagliang pagkakaugnay ng ina sa anak pagkasilang; sapat sa panghihikayat at paniniguro sa tuloy-tuloy na breastfeeding; at eksklusibong pagbibigay sa sanggol ng gatas ng ina lamang na nagtataglay ng lahat ng sustansyang kailangan nito para sa maayos na paglaki sa loob ng unang anim na buwan.

Sa tala ng UN World Health Organization (WHO), ang 'di pagkakaloob ng eksklusibong pagpapasuso ng ina sa unang anim ng buwan ay nakadaragdag sa 1 milyong "avoidable child deaths" sa buong mundo kada taon.


Sinabi pa ni City Health Officer Dr. Jaime Exconde na tumutulong sa mga bagong panganak na ina ang Infant and Young Child Feeding (ICYF) program ng lungsod sa pamamagitan ng mga Barangay Health Workers (BHWs). Itinuturo din ng BHWs sa mga ito na ugaliin ang pagpapa-pre-natal check-up sa mga health centers.

Kabilang din sa UN Millennium Development Goals (MDGs) ang mga inaaksyunan ng mga nabanggit na programa ng lungsod bilang sagot sa ugat ng kahirapan.



Nasa mag-asawa ang desisyon ng paraan ng pagpaplano ng pamilya.






Population Management Office head Dr. Annabel Fajardo



Barangay Population Managers sa isang seminar



Ipinaalam ang lahat ng ligtas at ligal na pamamaraan.

# Mga solusyong hatid ng Population Management

Matibay ang paninindigan ng Pamahalang Lungsod ng Valenzuela na ang *responsible parenthood* ay isa sa mabisang solusyon upang makatulong na mapabuti ang kalagayan ng mga mamamayan.

Kung kaya, isinusulong ng mga kinauukulan ang mga programa at polisiya na nakasentro sa paghubog ng isang maayos na pamilya na siyang pangunahing batayan din para sa isang maunlad na pamayanan.

Isa na rito ang Population Management Program na sinimulan noong 2006. Pangunahing layunin nito na magabayan sa pamamagitan ng masinsinang information dissemination ang mga mag-asawa. Mayroong 145 *barangay population managers* (BPMs) ang lungsod na boluntaryong ipinaaabot sa mga komunidad, partikular sa mga depressed area, ang mga kaalaman ukol sa pagpaplano ng tamang laki ng pamilya na kayang tustusan.

Ayon kay Dr. Annabel Fajardo, hepe ng Population Management Office, ipinaaalam sa mga mag-asawa ang lahat ng ligtas at ligal na pamamaraan ng pagpaplano ng pamilya, maging *natural* o *artificial* man." saad niya. Nasa mag-asawa ang desisyon kung ano ang pipiliin nilang *method* na aangkop sa kanilang paniniwala at kakayanan. "Isinusulong namin ang responsableng pagpapamilya ngunit hindi kami nanghihimasok sa mag-asawa o sa sinuman kung paano nila ito isasagawa," diin ni Dr. Fajardo.

Ngunit hindi pa kumbinsido ang ilan kung kaya "hindi sila gumagamit ng kahit anumang pamamaraan at nirerespeto naman namin ito," sabi pa ng opisyal.

**SARILING DESISYON**

Isa sa mga kliyente ng Population Management Program si Salvacion Paa, 37, ng Brgy. Bignay. Ipinagbubuntis nya ang ika-12 anak nya sa partner nyang si Alfredo Francisco nang makapanayam ng *Valenzuela Ngayon*.

Aminadong hirap na silang matuguan ang mga pangangailangan sa laki na ng kanyang pamilya kung kaya pinili ni Aling Salve ang isang permanenteng solusyon. Nakatakda na siyang sumailalim sa pagpapatali, o *bilateral tubal ligation* (BTL), isang operasyon sa matris na pipigil sa muling pagbubuntis. Sa ganitong paraan aniya makakapag-focus na sila ng kanyang partner sa pag-aalaga ng kanilang pamilya.

**SUPORTA**

Nitong taon, may P8 milyon ang inilaan ng pamahalaang lokal para sa programa. Higit sa kalahati ay napupunta sa mga adbokasya, pamamahagi ng impormasyon at mga libreng pagkain para sa mga sumailalim sa operasyon gaya ng BTL. Subalit hindi ito sapat kung kaya malaki ang naitutulong ng mga *non-government organiztions* gaya ng DKT Philippines, Foundation for Adolescent Development, Inc. (FAD), Friendly Care Foundation, Marie Stopes Ligation Clinic at ng United Nations Fund for Population Activities (UNFPA) sa ikatatagumpay ng programa.

Dahil dito, kasalukuyang may 104.3% contraceptive prevalence rate (CPR) ang Valenzuela City na higit na mataas kumpara sa 50% ng ibang *local government units*. Ayon sa World Health Organization (WHO), batayan ang CPR para malaman ang bahagi ng populasyon ng mga kababaihang nasa edad 15-49 na gumagamit ng kahit na anong uri ng *contraceptive o* pagpigil sa pagbubuntis; *natural* or *artificial* man. Bunsod nito, bumaba ng 60% ang bilang ng mga ipinanganganak sa lungsod mula 2002 kung saan 20,000 ang isinisilang kada taon, ngayon ay 8,000 na lamang.

Pinuri ni Population Commission (PopCom) NCR Director Rosalinda Marcelino ang Valenzuela City Population Management Program dahil sa epektibong naipapaabot ang mga kaalaman direkta mismo sa mga mag-asawa hinggil sa pagpaplano ng laki ng pamilya.

**SAGOT SA UGAT NG KAHIRAPAN**

Idinetalye din ni Dr. Fajardo na ilan sa nakikitang *long-term benefits* ng programa ang pagsugpo sa labis na kahirapan at pagkagutom, pagkakaroon ng pangunahing edukasyon para sa lahat, pagkakapantay-pantay at pagbibigay kapangyarihan sa mga babae, pagkakabawas ng mga batang namamatay at mas magandang kalusugan para sa mga ina.

"Kung titingnan natin, saklaw ito ng Millennium Development Goals (MDGs)," wika ni Dr. Fajardo. "Kung tuloy-tuloy ang aksyon dito, hindi malayong matupad natin ang provisions ng MGDs." Ang MDGs ay mga mithiing sinang-ayunan ng mga bansang kasapi ng United Nations na mabawasan ang matinding kahirapan sa buong mundo sa taong 2015.

Sa panayam naman ng programang *The Rundown* ng ABS-CBN News Channel kamakailan, sinabi ni Mayor Sherwin T. Gatchalian na isa itong investment gaya ng edukasyon at imprastraktura. Sinabi niyang kailangan ito ng bansa upang makatulong sa pag-unlad at ginagawa na ng Valenzuela City ang share para dito.

"Sa kalaunan, naniniwala kami na kung maitataguyod ang responsableng pagpapamilya, mahuhubog ng wasto ang pagkatao at mapanunumbalik ang dignidad ng tao lalo ng mga ng mahihirap," dagdag pa niya.

# 2011 GAWAD DR. PIO VALENZUELA
# Isportsman, imbentor pinarangalan



Lumacad Sr., kaliwa: Capule, kanan


**SA PAGDIRIWANG NG IKA-142 ANIBERSARYO** ng kapanganakan ng ating bayani na si Dr. Pio Valenzuela, ay kaalinsabay na ginawaran ng karangalan ang dalawang natatanging Valenzuelano sa kanikanilang mga larangan.

Taunan nang ginaganap ang pagpili sa mga natatanging Valenuelano upang tumanggap ng Gawad Dr. Pio Valenzuela Award sa iba't-ibang larangan. Sa kabila ng maraming nominasyon ngayong taon, napagkasunduan ng *awards committee* na tanging dalawang nominado ang nararapat makatanggap ng pagkilala. "Lahat ng nominado ay matagumpay sa kanilang mga larangan ngunit dalawa lamang sa kanila ang katangi-tangi. Nagkasundo kaming panatilihin ang integridad ng gawain," ani *committee member*, Ms. Elizabeth Chongco.

Binabati namin si G. Fernando C. Lumacad Sr., para sa kategoryang Excellence in Sports at gayundin si G. Eduardo A. Capule, para sa kategoryang Excellence in Science and Technology. Si G. Capule ng Brgy. Parada ay nagwagi ng gintong medalya sa Seoul International Invention Fair na ginanap nitong nakaraang Disyembre para sa kanyang pinainam na sisidlan ng pagkain at inumin na naging pinakamahusay sa 500 imbensyon mula sa 56 na bansa. Siya ay miyembro ng Filipino Inventors Society (FIS) at ng Manila Innovation Development Society (MINDS), isang organisasyong pumapatnubay sa mga paaralan at mag-aaral na imbentor sa pakikibahagi sa national at international na paligsahan. Si G. Lumacad ng Brgy. Dalandanan, ay isang *seasoned boxer* na nagwagi sa iba't-ibang professional world titles mula 1960 hanggang 1970. Sa kasalukuyan, isa siyang tagapagsanay sa kilalang Elorde Sports Complex, na humuhubog sa kasalukuyan at sa mga susunod pang kampiyon sa daigdig.

Personal na inabot ni Mayor WIN ang mga tropeyo sa mga nagwagi ngayong taon at sinabing " ang pagdiriwang ng anibersaryo ng kapanganakan ng ating lokal na bayani ay hindi lamang basta selebrasyon ng kanyang pagkabayani, bagkus isang napapanahong oportunidad upang kilalanin ang mga kasalukuyang mga anak ng Lungsod ng Valenzuela na tumulad sa kanya at nagtagumpay sa kanilang larangan at nakapagbigay ng kontribusyon sa proseso ng lungsod at ng bansa.

# 484 pamilya mapayapang ni-relocate



Sa pagsusumikap na matulungang maisaayos ang pamumuhay ng mga informal settler sa lungsod, mapayapang nailipat sa bago, mas maayos at mas ligtas na tahanan ang may 484 na pamilya mula sa kanilang mga bahay na peligrong nakatirik sa mga " danger zone".

Base ito sa pinakahuling datos ng mga kwalipikadong pamilya ng Housing and Resettlement Office (HRO), para sa taong ito hanggang Oktubre.

Naging susi ng voluntary relocation ng mga residente ang *in-city relocation* ng pamahalaang lungsod kung saan sa Valenzuela City pa rin sila maninirahan at hindi sa malalayong lugar na karaniwan na sa ibang proyektong pabahay.

Inilipat at pinagkalooban sila ng murang pabahay sa Northville 2-A sa Brgy. Canumay ng National Housing Authority at sa Disiplina Village sa Brgy. Ugong na itinayo ng Pamahalaang Lungsod at mga pribadong partner nito.

"Nagpapasalamat kami kay Mayor Gatchalian sa pagpupursige niya na sa Valenzuela pa rin kami maire-locate. Maganda at ligtas naman yung lilipatan sa Northville (2-A), bakit pa kami tatanggi?" saad ni Marlon Cruz, isa sa mga dating residente ng R. Delfin St. ng Brgy. Marulas.


Naging "maayos at may koordinasyon" ang paglilipat, base sa paglalarawan ni Cruz, may apat na anak. "Masakit sa kalooban ko na lumikas, pero nung nakita ko yung nangyari sa pamilya ko nung Ondoy, hindi na ko nagdalawang-isip nang alukin kami ng gobyerno na lumipat."

Prayoridad ng programang pabahay ang mga informal settler na nakatira sa mga danger areas gaya ng tabing-ilog at creek kung saan nakaamba lagi ang panganib ng pag-apaw ng tubig tuwing tag-ulan. Bukod sa R. Delfin, nagmula din ang mga ni-relocate sa T. Santiago Creek sa Brgy. Paso de Blas, Riverside Kapit Bisig at Dumpsite sa Malinta, at Sito Sulok at Lazaro Street sa Brgy. Ugong.

Inaasahan ding may 144 kwalipikadong pamilya pa ang maililipat sa Disiplina Village bago matapos ang taon.

Dahil sa "maayos at makataong" sistemang pabahay dito, tumatayong ehemplo ang housing projects ng lungsod para sa iba pang relocation projects sa bansa at maging sa ibang panig ng Asya, ayon sa isang talakayan na isinagawa ng World Bank kamakailan sa Pasig City.

*Pagsulong ng maayos na pamumuhay sa Disiplina Village, Brgy. Ugong.*



*Dating tirahan ng mga informal settler sa Riverside, Brgy. Ugong.*



*Kusang-loob na pag-relocate mula sa R. Delfin, Brgy. Marulas.*




*Mga staff ng CSWDO at HRO na nakaantabay habang nagre-relocate ng mga pamilya mula sa R. Delfin, Brgy. Marulas*



*Pamilya Rianza ng Displina Village.*



*Bagong lipat sa Northville 2A, Brgy. Canumay.*



*(Kaliwa) May ligal na linya ng tubig at kuryente ang kanilang bagong tahanan, Northville 2A.*



*Mga residente ng Disiplina Village na tumutulong sa pagpapatayo ng kanilang bagong tahanan.*




*Tuloy po kayo sa Disiplina Village.*

## Liham sa Kinauukulan

*Inaanyayahan ng ating pahayagang **Valenzuela Ngayon** na ipahatid ang inyong mga obserbasyon, paglilinaw o mungkahi sa ating mga kinauukulan para sa ikabubuti ng ating lungsod.*

*Ipadala ang kanilang saloobin sa pamamagitan ng email: **publishing@valenzuela.gov.ph** o kaya i-post sa Valenzuela City Official Facebook Fanpage: **valenzuela.gov.** May karapatan ang publikasyon na i-edit ang mga liham ayon sa haba, linaw at gamit ng lengwahe.*

### Mula sa isang iskolar

I am one of the scholars of Valenzuela and I am happy to say na it's really a great, big help to connect education and dreams against poverty. Keep it up, and we'll promise there's such a place called Valenzuela that once we have lived upon. - *Mark Steven Santiago, via Facebook*

### Dagdag klasrum

Ako po ay fresh graduate ng Malinta NHS. Sa mabilis na pagdami ng mga estudyante na nag-aaral, dumarami na ang mga silid-aralan na nagsisikipan dahil sa kaunti lang ang mga silid-aralan. Sa ganda ng MA-LINTA ELEMENTARY SCHOOL, parang napag-iiwanan na ang MALINTA NHS. Sana po ay magkaroon ng building ang MALINTA NHS sa bakanteng lote sa harap ng MALINTA ELEMENTARY, para po isang sakayan na lang. - *Rygie Rej Antonio Aranas, via Facebook*

***(Binili na po ng Valenzuela ang lote sa harap ng elementary school. Ito ay para sa high school. -Mayor WIN, via Facebook)***

### Pasasalamat ng Northville 1B

Maraming salamat po sa pagtulong ninyo sa pagkakalipat namin sa Punturin, dito po sa Northville-1B. Maraming salamat po sa lugar at ngayon ay isinasaayos ang mga kalsada namin dito. Sana magpatuloy kayo sa pagtulong at pagpapaganda ng Valenzuela dahil nakikita ko ang pag-unlad nito. -*Theresa Espiritu, via Facebook*

### Improving and growing

I am also glad the road leading to our residence has improved a lot! I never thought that they would even give our area a second look, but behold we have several public schools well kept and still improving and growing! We have improved roads and lighted streets! And our drainage are being improved! Our Mayor is a visionary! Keep it up! - *Jojo David, via Facebook*

### Mungkahing ordinansa

I just want to know if we have an ordinance regarding those "BIL-YARAN and BARS w/ videoke" near school areas or perimeters? It's very alarming that there are several of those near CMIC and PLV where students are attracted to spend their time & money. Kindly look into this matter, Mayor. - *Mageeh Flores, via Facebook*

***(That's a good suggestion. I'll suggest that to our Council Members. –Mayor WIN, via Facebook)***

### Magmatyag, mag-report

Authority can't stop them unless someone will report and complain. They will know if the citizens are concerned to cooperate. Report to the authority if you know there's an illegal activities going on in your community. You, your family and the whole community will benefit in this endeavor. - Mikel Joe, via Facebook

valenzuelako
www.valenzuela.gov.ph

City Government of Valenzuela — *Publisher*
Hon. Sherwin T. Gatchalian — *City Mayor*
Ahna F. Mejia — *Public Information Office Department Head*

***

Mark Lester S.Cayabyab — *Editor-in-Chief*
Zyan F. Caiña — *Contributing Writers*
Ann Melanie E. Dolorito
Beng Samson
Michael C. Urieta
Jonathan A. Licuan — *Contributing Photographer*
Allan C. Tampadong — *Chief Artist*
Jehan T. Ingalla — *Online Media Coordinators*
Sushine D. Manahan
Clairidy C. Pinto — *Circulation*

Inilalathala ang *Valenzuela Ngayon* ng Publications Unit ng Public Information Office at may tanggapan sa Public Information Office, Valenzuela City Hall, Mac Arthur Highway, Brgy. Karuhatan, Valenzuela City. May karapatang sipi ang City Government of Valenzuela.

publishing@valenzuela.gov.ph
Telephone: 352-1000 local 1132
Telefax: 292-9168

Download ***Valenzuela Ngayon*** in PDF at www.valenzuela.gov.ph/valenzuelangayon

PIO PUBLIC INFORMATION OFFICE VALENZUELA




# Edukasyon ang susi sa tagumpay



**Boses Ninyo sa Kongreso**

**Rep. Rex Gatchalian**
**Unang Distrito, Valenzuela City**

**ISANG MAINIT NA PAGBATI** ang nais kong ipahatid sa lahat ng mga magulang hindi lamang dito sa ating lungsod ng Valenzuela kundi maging sa buong bansa.

Sa pormal na pag-uumpisa ng school year 2011-2012, nangangahulugan ito nang panibagong taon ng puspusang pagtuklas ng mga bagong karunungan at pakikipagsapalaran sa panig ng mga estudyante.

Sa panig naman ng mga magulang, bagamat nangangahulugan ito nang panibagong mga gastusin ay hamon naman ito sa kanila para paghandaan ang magandang kinabukasan ng kanilang mga anak.

At dito sa ating lungsod ng Valenzuela ay makakaasa ang ating mga mamamayan na mas higit pang pag-iibayuhin ng lokal na pamahalaan ang pagbibigay ng tulong at ayuda sa ating mga magulang at mga mag-aaral. Kaya nga personal akong sumasang-ayon sa programa ng Department of Education (DepEd) hinggil sa compulsory kindergarten education. Naglalayon kasi itong ihanda ang ating mga kabataang mag-aaral at bigyan sila ng tsansa na tapusin ang kanilang edukasyon hanggang sa kolehiyo o sa anumang larangan na nais nilang pasukin.

Ang universal kindergarten ay nakapaloob sa *K -12 basic education program* nang pamahalaang Aquino.

Sa totoo lang ay matagal ng ginagawa ng lokal na pamahalaan ang pagbibigay ng libreng pre-school education dahil naniniwala tayo na mahalaga ito para bigyan ng pantay tsansa ang bawat isang kabataan dito sa lungsod.

Kung dati ay tanging iyong mga anak lamang ng mga magulang na may kaya ang nakakapasok sa pre-school, ngayon kahit iyong mga batang hindi nakaririwasa ay nakapag-aaral na din dahil sa ating programang *free education*.

Gusto ko pong malaman ng ating mga mamamayan na priority ng inyong lingkod at ng pamahalaang lungsod ang pagbibigay ng libre subalit mataas na uri ng edukasyon sa ating mga mahihirap na mga mag-aaral.

Personal at aktibo akong nakikipag-ugnayan sa TESDA upang mabigyan ng pagkakataon ang ating mga mamamayan na makatapos sa kanilang pag-aaral at sa gayon ay makakuha sila ng sarili nilang trabaho. Base sa pinakahuling tala ay natulungan na natin ang uma-abot sa 706 na ating mga kababayan sa ating programang libreng paaral sa TESDA. Pinakamarami sa mga nagtapos ay mga call center agents na umabot sa 114, sumunod sa kanila ang caregivers na may bilang na 112.

Meron din mga nagtapos ng kursong 2D at 3D animators at iyong iba naman ay kumuha ng welding, bartending, barista, consumer electronic servicing, massage therapy, building wiring installation at automotive.

Katuwang natin sa pagbibigay sa kanila ng sapat na kaalaman ang ating mga TESDA accredited na private learning institutions gaya ng Attentive Learning Center, Informatics, Our Lady of Lourdes College, Sta. Cecilia College at Valenzuela City Polytechnic College.

Sa lahat ng ito ay layunin natin na bigyan ng tsansa ang ating mga kabataan para maging mga produktibo at maunlad silang mga mamamayan pagdating ng araw. At ang edukasyon ang susi na siyang maghahatid sa kanila sa tagumpay sa kanilang kinabukasan.

# Hindi lang pang-hanapbuhay, pang- isports pa!



**Ang Konseho**

**Kon. Marlon Alejandrino**
**Unang Distrito, Valenzuela City**

**NAKATUTUWA PONG IBAHAGI** sa inyo ang aking mga natutunan sa aking paglalakbay tungkol sa mga nakalilibang at kapakipakinabang sa pamimingwit ng isda.

Kasama ko ang Team Castaway na isang grupong naglalakbay tuwing Sabado at Linggo na nagsasagawa ng mga *expedition fishing* sa iba't-ibang pook sa Pilipinas. Nang masubukan nila ang mga palaisdaan ng Valenzuela City, particular na sa Coloong at Tagalag, nahalina naman sila na mamasyal dito ng mas madalas. Dito ay talagang mararamdaman ang pagrerelaks at paglilibang dahil sa ganda ng nasabing pook.

Akma ang lugar para sa isang weekend getaway para sa buong pamilya na magaan pa sa bulsa. Sa halagang P20 lamang maari nyo nang ma-enjoy ang paligid. May mga nakalaan pang mga kubol at ihawan dito kung saan maaaring lutuin ang mga nahuli ninyong isda.

Sa karamihang Pilipino, kinikilala ang tradisyunal na isport ng pamimingwit bilang isa ring magandang libangan.

Ang mga *fishing gears* na iyong magagamit sa iba't-ibang paraan ng pamimingwit ay mabibili lamang sa murang halaga, hindi gaya ng ibang isport o libangan na lubhang magastos. Madali pang matututunan at makagigiliwan ito.

Sa kasalukuyan, nakikipag-ugnayan ang inyong lingkod sa mga may-ari ng iba't-ibang fish pond sa lungsod, maging sa aking mga kasama sa pamahalaang lungsod na isulong ang sport fishing bilang isang pangunahing pang-akit ng Valenzuela City sa mga lokal, maging ng mga dayuhang turista.

Sa ganitong paraan, makatutulong din ito sa imahe at kabuhayan ng mga Valenzuelano.

VALENZUELA Ngayon



# Ang landlady at ang nangungupahan

## Usapang Ligal

Ni Atty. Aura Rizza Garcia
City Legal Office

**MAHALAGANG ALAMIN NG MAGKABILANG PANIG** sa pangungupahan ang kanilang mga karapatan at magkaroon ng pormal na kasunduan upang makaiwas sa mga sakit ng ulo.

Sinasaklaw ng *Republic Act No. 9643* o ang *"Rent Control Law of 2009"* ang relasyon ng nagpapaupa (lessor) at umuupa (lessee) kung saan ang renta ay hindi hihigit sa P10,000 kada buwan. Ayon sa nasabing batas, hindi maaring magtaas ng singil sa upa na mahigit sa 7% mula taong 2010 hangang 2013.

Alinsunod sa "*Rent Control Law"* ang lessor ay may karapatan na paalisin ang *lessee* sa mga sumusunod na kadahilanan lamang:

**1.** Ang pagpapaupa ng nangungupahan o *"subleasing"* sa inuupahan bahay o anumang bahagi nito ng walang pahintulot ng *lessor*;

**2.** Ang hindi pagbabayad ng renta sa loob ng tatlong buwan; subalit kung ayaw tanggapin ng *lessor* and bayad sa upa, maaring i-deposito ng *lessee* ang bayad sa korte, sa *city treasurer*, barangay chairman o sa bangko sa loob ng isang buwan;

**3.** Kung kinakailangan na gamitin ng lessor o ng kamag-anak niya ang inuupahang bahay para sa personal na paggamit, ngunit ito ay maaari lamang gawin ng *lessor* kapag tapos na ang termino ng kontrata at pagkatapos magbigay ng tatlong buwang abiso sa *lessee*;

**4.** Kapag ang inuupahang bahay ay naging paksa ng "Condemnation Order" at nangangailangan na ito ay ipagawa upang maging ligtas na tirahan; at

**5.** Pagwawakas ng termino ng kontrata.

Hindi rin maari na paalisin ang *lessee* sa kadahilanan na naibenta or na-isangla ang inuupahang ari-arian, importante na masunod ang kontrata at sundin ang mga nakapaloob dito.

Ang sino man na lalabag sa nasabing batas ay pwedeng pagmultahin ng mula P25,000 hangang P50,000 o mapatawan ng isang isang buwan hanggang anim na buwan na pagkakakulong.

May mga pagkakataon naman na hindi nasusunod ang mga tuntunin na nakasaad sa kontrata, gaya ng hindi pagbabayad ng upa. Ano nga ba ang maaaring gawin ng *lessor* sa ganitong pagkakataon.

Kung sakali na tumanggi ang *lessee* na lumisan sa inuupahan sa kabila ng legal na batayan, ang *lessor* ay dapat magsampa muna ng reklamo sa barangay alinsunod sa "Katarungang Pambarangay Law." Kapag hindi naayos ang usapin sa barangay, ang Lupon chairman o pangkat ay maaring magbigay ng *"Certification to File Action."*

Ang susunod na hakbang ay ang pagsasampa ng kaso sa *Municipal Trial Court (MTC)* ng *"Unlawful Detainer."* Ang espesyal na sibil na aksyon na ito ay isang *"summary action"* upang mabawi sa isang tao ang labag sa batas na pagtira sa pag-aari ng iba. Ito ay dapat isampa sa loob ng isang taon.

Importante na malaman ng *lessor* na maaari lamang siyang magsampa ng kasong "*Unlawful Detainer"* limang araw (15 araw kapag ang inuupahan ay lupa) pagkatapos magbigay ng *"demand letter"* kung malinaw na nakasaad na hinihingi nya na magbayad ang lessee at lisanin ang inuupahan.

Limang araw mula sa pagsampa ng kaso, ang lessor ay maaaring humingi sa korte, sa pamamagitan ng paghain ng mosyon, at ang korte ay maaring magkaloob ng *preliminary injunction* upang maiwasan na ang lessee ay tuluyang umagaw ng karapatan ng pagkamay-ari at maibalik sa *lessor* ang aktwal na posesyon ng inuupahan.

*Si Attorney Garcia ay isang consultant sa Valenzuela City Legal Office. Tapos ng Political Science sa UP Manila at Law sa PUP, nagtuturo din sya sa Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela.*

# Simulan mo!

## Ang Taumbayan

*Ang pitak na ito ay bukas para sa inyong kontribusyon. Ang opinyon na napapaloob dito ay mula lamang sa may-akda at hindi mula sa patnugutan.*

Ni Luigi Crespo

**MAY WALONG TAON NA MULA** ng ipasa sa Kongreso ang RA No. 9211 o ang *Tobacco Regulation Act of 2003* na naglalayong kontrolin ang pagbebenta at paggamit ng sigarilyo. Sa itinagal ng panahon ay tila ngayon lang ulit nagbalik-tanaw ang pamahalaan na muling buhayin ang nasabing batas.

Ipinatutupad na ang *smoking ban* sa mga pampublikong lugar sa buong Kamaynilaan. Kinakailangang magmulta ng P500 o kaya ay maglaan ng walong oras na serbisyo sa barangay ang sino mang mahuling lumabag dito.

Ang problema sa sigarilyo ay isa sa mga mabibigat na kalaban ng pamahalaan kahanay ng iligal na droga, korupsyon at *piracy* kaya naman hindi maiiwasang umani ng samu't saring reaksyon ang naturang batas. Sa pagpataw ng *smoking ban* ay marami ang natuwa dahil sa wakas ay nabigyan na muli ito ng pansin. Ngunit kung may natuwa ay tila mas marami naman ang nagtaas ng kilay. Tulad ng ilang nakalipas na proyekto, di umano'y *ningas kugon* na naman ang mangyayari.

Ang iba naman ay naniniwalang panakip-butas o pampabango lamang ito sa iba pang mas mabibigat na problemang kinakaharap ng bansa. Marami din ang nagsasabing napakaimposibleng maging matagumpay ang *smoking ban* dahil ang mga naturingang kinauukulan ay sila mismong nagunguna sa paglabag dito.

Marami ang kayang magbayad ng P500, marami din ang kayang maglaan ng walong oras na serbisyo sa barangay para lamang maabswelto at muling mairaos ang sarili sa adiksyong dala nang paghithit ng sigarilyo. Sa ganito kaluwag na parusa, tila malabo ang pagkamit ng tunay na tagumpay.

Mag-iisang dekada na mula nang maipasa ang panukalang ito. Masakit mang isipin ay talagang may kapurulan ang ngipin ng batas sa Pilipinas. Sadyang hindi sapat ang mga hakbangin ng pamahalaan upang tuluyang patayin ang usok na kumikitil sa libo-libong mga Pilipino.

May magagawa ka ba? Bagama't ilang libong beses nang ginamit sa mga aklat ang katagang winika ni Dr. Jose Rizal, "Ang kabataan ang pag-asa ng bayan", paulit-ulit ko itong ipapaalala. Ano ba ang dapat gawin? Kooperasyon at hindi malamig na pagtanggap ang sagot sa problema. Patunayan natin na tayo ang pag-asa.

Kung ang sabi sa'yo "astig" ang paninigarilyo, mag-isip kang mabuti. Paano naging "astig" ang unti-unting paglason sa sarili at pati na sa ibang tao? Hindi pa huli ang lahat. Baguhin natin ang nakagawian. Huwag nating hayaan na sigarilyo ang sumira ng ating kinabukasan.

*Si Luigi Crespo ay nasa ikaapat na taon sa kursong Organizational Communication sa Unibersidad ng Pilipinas.*

# Reproductive Health Bill

## Tinig Mamamayan

**KAMAKAILAN AY PUMALO** na sa 8 bilyong katao ang populasyon sa mundo na nahaharap sa iba't-ibang uri ng suliranin.

Samantala, ang populasyon naman ng Pilipinas ay inaasahang lolobo pa sa 101 milyon sa 2015. Kasalukuyang nasa Top 20 ang bansa sa may pinakamalalaking populasyon sa buong mundo. Ayon sa ilang mga eksperto, kadalasang lugmok sa kahirapan ang may mga malalaking pamilya kumpara sa may maliliit na pamilya na mas naibibigay ang mga pangangailangan ng mga anak.

Upang masolusyunan ang suliraning ito, nararapat na bang isabatas ang **Reproductive Health** na naglalayong magkaroon ng isang "kumprehensibong polisiya sa responsableng pagpapamilya, reproductive health, population and development at iba pang mga layunin" ang pamahalaan? Ayon ka ba rito o hindi?

Payag ako dito, sa palagay ko nasa mag-asawa pa rin naman ang desisyon. Sila pa rin ang masusunod. Gabay lamang ang RH bill. - ***Alexis B. Teodoro,23, Canumay West***

Ok naman ang RH bill, may mga mag-asawa kasing hindi makapagkontrol. Malaking tulong para sa kanila ang RH bill. - ***Criselda Diaz, 23, Wawang Pulo***

Hindi, hindi naman pwede yan sa lahat ng tao. Katulad ko, na may mga side effects ang mga ganyan sa akin katulad na lamang ng pills. - ***Cristita C. Rondina, 43, Gen. T. de Leon***

Oo, alam naman nating maraming Pilipino ang 'di nakakapag-aral at walang makain. Bunga yan ng malaking populasyon. Magandang paraan ang RH bill para makontrol ang paglobo ng ating populasyon. - ***Jennylyn Veniegas, 21, Maysan***

Ang RH Bill ay parang isang masarap, maraming design at nakakatakam na cake na inihahain sa atin ngunit ang hindi natin alam ay mayroon itong lason sa loob na unti-unting papatay sa satin. Ano kakainin mo pa ba? - ***Jhimou Caballero, 18, Canumay East***

This bill will certainly benefit the poor. It will give mandate to the gov para maglaan ng pondo to help the poor. Yung mayayaman they don't need this anymore, so this is for the poor and that is good, makakatulong ito ng malaki. - ***Viliardo Valencia, 43, Gen. T. de Leon***

Dapat ipasa na ang RH bill para makontrol ang paglaki ng populasyon kasi baka magkulang na ang suplay ng ating mga pangangailangan sa mga darating pang taon. - ***Ian Rojo, 20, Dalandanan***

Payag ako dahil tayo rin ang kawawa. Mahirap ang buhay ngayon. Wala tayong maipapakain sa mga bata dahil sa hirap ng buhay. Lalong dumadami ang mga batang hindi nakakapag-aral. - ***Marites L. Hortaleza, 30, Rincon***

Sang-ayon po ako dito. Kailangang maging praktikal sa hirap ng buhay para mabigyan ng magandang kinabukasan ang mga bata. - ***Luzviminda Libatique, Maysan***

Hindi po ako sang-ayon, dahil pati ang murang edad ay nagkakaroon ng kaalaman sa sex education. - ***Evelyn Orcino, 45, Maysan***

# Tipid tips sa pagbili ng Christmas gifts

**LIKAS NA SA ATING BANSA** at sa ating mga kababayang Pilipino ang magbigayan at magpalitan ng regalo tuwing sasapit ang Kapaskuhan.

Ang mga Pinoy ay masaya ng nakapagbabalot ng mga munting regalo para sa kanilang mahal sa buhay, kaibigan, kamaganak at mga inaanak, sa kabila ng nararanasan nating hirap ng buhay.

Ngayong nalalapit na naman ang Kapaskuhan, mainam na alamin natin kung ano ba ang mga paraan upang tayo ay makatipid at makabili ng mga ninanais nating regalo nang hindi tayo kinakailangang gumastos ng malaki.

★ Gumawa ng kumpletong listahan ng mga pangalan ng mga taong nais bigyan ng regalo.


★ Magtala ng presyo ng ireregalo para sa bawat taong ibibili ayon sa kakayanan ng inyong budget.

★ Mag-research kung saan mayroong mga tiangge na may mga mabibiling murang bilihin.

★ Pumili ng mga "items" na pangregalo na siguradong magugustuhan ng taong pagbibigyan ayon sa hilig nito na hindi naman kinakailangang branded o mamahalin ito.

★ Ang mga mabibiling pangregalo ay maaaring i-repackage para sa mas magandang presentasyon (lagyan ng ribbon, plastic o kahit anong packaging na magmumukhang mamahalin ito upang mas maging presentable ito sa pagbibigyan kahit na mumurahin lang ito).

★ Huwag bibili ng regalo na lalampas sa iniukol na budget para dito.





Katutubong sayaw at kasuotan ng Koronadal City.

# Valenzuela at Koronadal pinagbigkis

Nagkaisa ang Lungsod ng Valenzuela at Koronadal sa pamamagitan ng isang City Sisterhood MOA (Memorandum of Agreement) na kapwa pinagtibay at pinirmahan ng dalawang alkalde ng mga nasabing lungsod.

Naganap ang kasunduan noong Oktubre 7 sa The Farm Convention Center, Koronadal City, lalawigan ng South Cotabato, kasabay sa pagdiriwang ng 11th Charter Anniversary ng lungsod.

Ang nasabing MOA ay nagsasaad ng paglikha ng "Partnership Group" na kinabibilangan ng tig-limang miyembro mula sa dalawang lungsod. Ito ay naglalayon ng maigting na pagtutulungan at kooperasyon ng dalawang lungsod para sa ikabubuti at ikauunlad ng mga mamamayan nito upang sila ay matulungan sa lahat ng aspeto ng kanilang pamumuhay partikular na ang trabaho at edukasyon. At sa usaping edukasyon, magandang balita rin ang pagpwesto ng Lungsod ng Valenzuela bilang "Number 1"sa Elementary National Achievement Test sa buong NCR (National Capital Region) para sa taong 2010-2011. Ito ay bunga ng batayan ng Lungsod ng Valenzuela na, "Good Education is Good Governance".

Kinilala naman ang Lungsod ng Koronadal bilang "Most Friendly City" sa Mindanao ng Philippine Chamber of Commerce and Industry. Kilala din ito bilang "Business and Tourism Hub" ng Region 12 sa Mindanao.

Samantala, kinilala naman ang Lungsod ng Valenzuela bilang "Best-governed Highly Urbanized City" sa buong bansa at kinilalang "One of the most friendly cities in the Philippines" ng World Bank and International Finance Corporation.

Ang dalawang alkalde ay nagsusumikap na magpalitan ng kani-kanilang kakayahan upang makatulong sa isa't-isa sa ikauunlad ng kani-kanilang lungsod at sa ikabubuti ng kanilang mamamayan.



Simbulo ng makabuluhang ugnayan ng dalawang lungsod.



Sisterhood signing sa Koronadal City.



Ipinakita ni Mayor WIN ang paligid ng Valenzuela City Government Complex kay Mayor Miguel sa pagbisita nito kamakailan.



Ipinakilala ni Mayor Miguel sina Mayor WIN kasama sina Konsehal Marlon Alejandrino at Konsehala Lai Nolasco sa Koronadal.



Pormal na ng sisterhood agreement ng Valenzuela at Koronadal matapos ang MOA signing.



Mga opisyal ng Valenzuela at Koronadal Cities sa Valenzuela City Hall.







# Fish tayo!

Sa matagumpay at masayang idinaos na 3rd Mayor WIN Gatchalian Cup Fun Fishing Tournament sa Kap Larry's Pond sa Brgy. Coloong, kinakitaan ng malaking potensyal sa turismo ang Valenzuela City.

Ayon sa mga nakiisa sa palaro, tiyak na kagigiliwan ang pamimingwit ng mga residente ng lungsod at maging ng mga karatig lugar sa Metro Manila na naghahanap ng mura ngunit masayang pasyalan na pampamilya. Sa taglay kasi nitong ekta-ektaryang mga palaisdaan sa mga barangay ng Coloong at Tagalag, hindi na raw kailangan dumayo pa sa mga probinsya para sa ganitong klaseng eksperiyensya.

Sa 258 mangingisda na lumahok, nakatanggap ng mga papremyo ang mga nakahuli ng pinakamalalaking isda gaya ng bangus, tilapia at cream dory. Dinayo pa ito ng programang *Sports Unlimited* ng ABS-CBN kasama ang host nitong si Marc Nelson.

Hangad ng palaro na i-promote ang Valenzuela City bilang isang alternatibo at pampamilyang weekend getaway sa buong Metro Manila.